


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 7 Isyung Pangkalikasan



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 7: Isyung Pangkalikasan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: **Leonor Magtolis Briones**

Pangalawang Kalihim: **Diosdado M. San Antonio**

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mariliese C. Yangken
Editor:	Annie Rose B. Cayasen
Tagalapat:	Reggy C. Asupre
Tagapamahala:	Estela L. Cariño
	Benilda M. Daytaca
	Carmel F. Meris
	Rosita C. Agnasi
	Edgar H. Madlaing
	Rizalyn A. Guznian
	Sonia D. Dupagan
	Erlinda C. Quinuan
	Vicenta C. Danigos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Office Address: Stockfarm, Wangal
La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) – 422 - 4074
E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 7:
Isyung Pangkalikasan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Napakinggan mo na ba ang sikat na awit na may linyang “wala ka bang napapansin sa iyong kapaligiran?” Naging tanyag ito dahil sa mensaheng nais nitong iparating. Ano nga ba ang napapansin mo sa ating kapaligiran o kalikasan?

Nakararanas tayo ng matinding init, tuloy-tuloy na pag-ulan, malalakas na bagyo at kung anu-ano pa. Kadalasan, nauuwi ito sa pagkasira ng mga ari-arian at ng pagkitil sa buhay. Nagtatanong tuloy tayo, ano bang nangyayari sa ating kalikasan? May mga nagawa ba ang tao na maaaring naging dahilan sa mga pagbabagong nangyayari sa kalikasan?



Subukin

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag na nagpapakita ng mga pangyayari o pagbabago sa ating paligid. Itugma ang mga inilalarawan ng hanay **A** sa hanay **B**. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot mula sa hanay B sa iyong sagutang papel o *notebook*.

	Hanay A	Hanay B
1. _____	1. Maraming uri ng hayop at halaman ang nagiging <i>threatened</i> , <i>endangered</i> at ang pinakamalala sa lahat ay ang kanilang <i>extinction</i> .	A. Maling pagtatapon ng basura
2. _____	2. Ang patuloy na pagpapatayo ng naglalakihang gusali, <i>mall</i> , <i>condominium units</i> at iba pa, paggawa ng kalye sa mga bayan o siyudad o anumang ginagawang pagpapaunlad sa lugar ay nagdudulot kung minsan sa pagputol ng mga kahoy.	B. Ilegal na pagputol ng mga puno
3. _____	3. Ang malawakang pag-iiba-iba ng mga salik na nakaaapekto sa panahon na	C. Polusyon sa hangin, tubig at lupa D. Pagkaubos ng mga natatanging <i>species</i> ng hayop at halaman sa kagubatan

	nagdudulot nang matinding pagbabago sa pangmatagalang sistema ng klima.	
4._____	4. Ang walang habas na pagtatapon ng basura kung saan-saang na lugar.	E. Malabis at mapanirang pangangisda
5._____	5. Unti-unting nauubos ang mga yaman dito dahil sa hindi matigil na <i>cyanide fishing</i> , <i>dynamite fishing</i> , at sistemang <i>muro-ami</i> na pumipinsala hindi lamang sa mga isda kundi maging sa kanilang <i>natural habitat</i> o tirahan.	F. Ang pag-convert ng mga lupang sakahan, ilegal na pagmimina, at <i>quarrying</i>
6._____	6. Ang kadalasang pag-ulan na nagdudulot ng mga pagbaha ay bunga ng walang tigil na pagputol ng mga puno at hindi pagpapalit ng bagong halaman sa mga naputol na puno.	G. <i>Global Warming</i>
7._____	7. Tumutukoy ito sa pag-uugali ng tao at mga kilos na nagpapakita nang labis na pagpapahalaga na kumita ng pera o pagmamahal sa mga materyal na bagay sa halip na ibang mga pagpapahalaga.	H. Komersiyalismo
8._____	8. Maling sistema na patagong ginagawa ng mga kompanyang tulad ng pagpapasabog ng mga bundok at paghuhukay sa mga dalampasigan upang makakuha ng mga yamang mineral.	I. Urbanisasyon
9._____	9. Karaniwang nagdudulot ng mga karamdaman tulad ng <i>respiratory diseases</i> , sakit sa <i>digestive tract</i> , sakit sa balat, at marami pang iba.	J. <i>Climate Change</i>
10._____	10. Ang patuloy na pagtaas ng temperatura bunga ng pagdami ng tinatawag na <i>green house gases</i> lalo na ng <i>carbon dioxide</i> sa ating atmospera.	

Panuto: 11- 15. Basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **tama** kapag wasto ang diwa ng pangungusap at isulat ang **mali** kapag hindi wasto ang diwa nito. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel o *notebook*.

- _____ 11. Ipinagkaloob ng Diyos sa tao ang kapangyarihan na pangalagaan ang kalikasan na kaniyang nilikha.
- _____ 12. Ang kalikasan ay tumutukoy sa lahat ng nakapaligid sa atin na may buhay lamang.
- _____ 13. Tayo ay binubuhay ng kalikasan.
- _____ 14. Maraming mga pagmamaltrato at paglabag ang ginagawa ng tao na tuwirang taliwas sa pangangalaga sa kalikasan.
- _____ 15. Hindi tungkulin ng mga tao na pagyabungin ang nasa kalikasan.

Aralin

1

Isyung Pangkalikasan



Balikan

Sa nakaraang modyul, nabigyan ka ng pagkakataon na muling pag-aralan ang pagmamahal sa bayan. Tumutukoy ito sa pagkilala sa tungkulin na dapat gampanan ng bawat mamamayang bumubuo rito.

Sa modyul na ito, tatalakayin ang mga isyu kaugnay sa pangangalaga sa kapaligiran. Ang pag-aaral ng mga isyung pangkapaligiran o pangkalikasan ay magbibigay sa iyo ng kahusayan sa pagsusuri sa mga ito. Inaasahang maunawaan mo kung ano ang maaaring gawin o gampanin ng isang mag-aaral at ng mamamayan sa pangangalaga sa kapaligiran at kalikasan.



Tuklasin

PANUTO: Basahin ang Liriko ng awit na “Masdan Mo ang Kapaligiran” na inawit ng Asin at sagutin ang pamprosesong tanong. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel o *notebook*.

Masdan mo ang Kapaligiran

Asin

<https://genius.com/Asin-masdan-mo-ang-kapaligiran-lyrics>

I. Wala ka bang napapansin

Sa iyong mga kapaligiran?

Kay dumi na ng hangin

Pati na ang mga ilog natin

II. Hindi na masama ang pag-unlad

III. Ang mga duming ating ikinalat sa hangin

Sa langit huwag na nating paabutin

Upang kung tayo'y pumanaw man

Sariwang hangin sa langit natin

matitikman

At malayu-layo na rin ang ating narating Ngunit masdan mo ang tubig sa dagat Dati'y kulay asul ngayo'y naging itim	IV. Mayroon lang akong hinihiling Sa aking pagpanaw sana ay tag-ulan Gitara ko ay aking dadalhin upang Sa ulap na lang tayo magkantahan
--	--

V. Mga batang ngayon lang isinilang May hangin pa kayang matitikman? May mga puno pa kaya silang aakyatin May mga ilog pa kayang lalanguyan?	VI. Ang panahon mga ibong gala Ay wala nang madadapuan Masdan mo ang mga punong dati ay kay tatag Ngayo'y namamatay dahil sa 'ting kalokohan
VI. Bakit 'di natin pagisipan Ang nangyayari sa ating kapaligiran Hindi na masama ang pag-unlad Kung hindi nakakasira ng kalikasandarating	VII. Lahat ng bagay na narito sa lupa Biyayang galing sa Diyos kahit nong ika'y wala pa Ingatan natin at 'wag nang sirain pa Pagkat pag kanyang binawi, tayo'y mawawala na.

Pamprosesong katanungan:

- Ano ang mensahe ng awit? _____

- Anu-ano ang mga paglabag sa kalikasan na nagawa ng tao ayon sa awit? Isa-isahin ito.

- Ayon sa awit, ano ang mga nararapat nating gawin para sa kalikasan?

- Bakit kinakailangan nating gawin ang mga isinulat mong kilos at gawa sa #3? Ipaliwanag



Mga Tala para sa Guro

Ang pag-aaralan mo sa modyul na ito ay tungkol sa paggamit at pangangalaga ng kalikasan. Sagutin lahat ang mga gawain upang ang kompetensi na maayos na matutunan mo.



Suriin

I. Ang Kuwento ng Paglikha

Mula sa Genesis, kabanata 1, talata 27-31, nilalang ng Diyos ang tao ayon sa Kaniyang sariling larawan bilang lalaki o babae. Binasbasan sila ng Diyos at binigyan ng tagubilin na magparami. Kaakibat ng pagbabasbas na ito ay ang utos na punuin ang daigdig at magkaroon ng kapangyarihan dito lalo na sa lahat ng Kaniyang nilalang.

Departamento ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 10*. (Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat). First Edition.2012. p.216



Ipinagkaloob ng Diyos sa tao ang kapangyarihan na pangalagaan ang kalikasan na Kaniyang nilikha.



Ang pagtitiwalang ito ay isang patunay na minamahal tayo ng Diyos kung kaya't ibinigay Niya sa atin ang kalikasan.



Ang kalikasan ay kaloob sa atin ng Diyos upang tayo ay patuloy na mabuhay. Samakatuwid, tayo ay binubuhay ng kalikasan.

II. Ang Kahulugan ng Kalikasan

Ito ay tumutukoy sa lahat ng nakapaligid sa atin, may buhay o walang buhay. Ito ay kinabibilangan ng mga puno't halaman, at lahat ng iba't ibang uri ng hayop mula sa maliit hanggang sa malaki. Maituturing ding bahagi ng kalikasan ang lahat ng salik tulad ng hangin, lupa, tubig at iba pa na siyang nagbibigay-daan o tumutugon sa mga pangangailangan ng mga nilalang sa kanilang buhay.

III. Mga Maling Pagtrato sa Kalikasan

Maraming ginagawa ang tao na tuwirang nakasisira sa ating kalikasan. Isa-isahin natin ang mga ito at suriin mo ang inyong sarili kung kabilang ka sa mga kabataan na gumagawa o naka-aambag sa mga ito.



A. Maling pagtatapon ng basura

Ito ay ang ginawang pagtatapon ng basura kung saan-saang lugar na lamang at sa hindi sa tamang lalagyan.



B. Ilegal na pagputol ng mga puno

Ito ay ang walang tigil na pagputol ng mga puno at hindi pagpapalit ng bagong halaman sa mga naputol na puno na nagdudulot ng mga pagbaha kapag madalas ang pag-ulan.



C. Polusyon sa hangin, tubig at lupa

Ito ay ang malawakang polusyon na siyang nagpabago sa kondisyon ng hangin, tubig, at lupa na kailangan ng tao upang mabuhay. Ang polusyon ay karaniwang nagdudulot ng mga karamdaman tulad ng *respiratory diseases*, sakit sa *digestive tract*, sakit sa balat, at marami pang iba.




D. Pagkaubos ng mga natatanging species ng hayop at halaman sa kagubatan

Ito ay ang pagiging *threatened*, *endangered* at *extinct* ng maraming uri ng hayop at halaman dulot ng pagkawala ng kanilang *habitat* o tirahan sa kagubatan, gayundin ang pagkuha sa kanila para sa ilegal na kalakalan.



E. Malabis at mapanirang pangingsda

Ito ay ang hindi matigil na *cyanide fishing*, *dynamite fishing*, at sistemang *muro-ami* na pumipinsala hindi lamang sa mga isda kundi maging sa kanilang *natural habitat* o tirahan. Ang sistemang muro-ami ay pamamaraan ng pangingsda kung saan ang nakapaligid na lambat na may pabigat na bato ay paulit-ulit at marahas na ibinababa sa mga *coral reef* upang palabasin ang mga isda sa kanilang kanlungan, at karaniwang binabayaran ang mga kabataan para magtrabaho (Philippine Star, February 18, 2001).



F. Pag-convert ng mga lupang sakahan (may mga lupang sakahan na hindi na tinatamnan dahil ginawa na nilang *subdivision*, *golf courses*, mga *hotel*, *expressways* at iba pa), ilegal na pagmimina, at quarrying.

Mali at patagong pagkuha ng yamang mineral sa pamamagitan ng pagpapasabog ng mga bundok at paghuhukay sa mga dalampasigan.



G. Global Warming at Climate Change

Ang malawakang pag-iiba-iba ng mga salik na nakakaapekto sa panahon at nagdudulot nang matinding pagbabago sa pangmatagalang sistema ng klima ay ang tinatawag na *climate change*.

Ang patuloy naman na pagtaas ng temperatura bunga ng pagdami ng tinatawag na *greenhouse gases* lalo na ng *carbon dioxide* sa ating atmospera ay tinatawag na *global warming*.




H. Komersiyalismo at urbanisasyon

Ang komersiyalismo ay tumutukoy sa pag-uugali ng tao at mga kilos na nagpapakita nang labis na pagpapahalaga na kumita ng pera o pagmamahal sa mga materyal na bagay sa halip na ibang mga pagpapahalaga. Ito rin ay tumutukoy sa mga pamamaraan sa pagsubok na magkaroon ng higit na kita hangga't maaari na hindi alintana kung anuman ang maging epekto nito sa ibang mga tao o lugar (Cambridge Academic Dictionary).

Ang urbanisasyon ay ang patuloy na pag-unlad ng mga bayan na maisalarawan ng pagtatayo ng mga gusali tulad ng mga *mall* at *condominium units*.

Departamento ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 10*. (Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat). First Edition.2012. pp.217-221



Pagyamanin

Gawain 1. At Nagsalita ang Kalikasan

Panuto: Ipagpalagay na nag-uusap ang bawat bahagi ng ating kalikasan tungkol sa mga nangyayari sa kanila sa panahon ngayon. Batay sa kanilang pag-uusap, sagutan ang mga tanong na nakapaloob sa kahon sa iyong sagutang papel o *notebook*.

hangin

Ako ay puro usok na at mabaho.
Kung bakit kasi puro sunog na lang nangyayari, pati plastic, sunugin pa!

tubig

Ako rin, lahat na lang ibasura sa akin, hindi kaya sila nandidiri sa akin. Sa akin din naman nanggagaling ang paglulutuan nila.

kahoy

Ako, Hangin at Tubig, tignan ninyo nakakalbo na ako, pinuputol at inaalisan na ako ng sanga at dahon. Wala na akong masipsip na tubig.

lupa

Mga kaibigan, ako si Lupa, ako ay naghihingalo na, ang nutrisyon ko ay napalitan na ng asido, asido mula sa makapanira na pestisidyo, at iba pa.

Sagutin mo:

1. Anu ano ang mga isyu o hinaing ng bawat isa?

Hangin

Tubig

Kahoy

Lupa

2. Tukuyin at isulat sa patlang ang isang isyu ng mapanirang paggamit sa bawat isa
Hangin

Tubig

Kahoy

Lupa

3. Anu-ano ang pwede nating gawin kaugnay sa paggamit natin sa ating kapaligiran upang mapangalagaan at hindi lubos na masira? Magbigay ng limang (5) paraan ng pangangalaga sa kapaligiran na kaya mong gawin.

Gawain 2: Pansinin isyung kalikasan

Panuto: Ang bawat bilang ay nagsasaad ng mapanirang gawain sa kalikasan. Batay sa iyong kaalaman tungkol sa mga batas ng pangangalaga sa kalikasan magbigay ng maikling paliwanag kung anong kapangyarihan sa pangangalaga ang nilabag ng bawat bilang. Pwede kang magtanong sa iyong tagagabay o tignan sa aklat ng Araling Panlipunan 10 o magsaliksik tungkol sa Republic Acts 9003, 8749, 6969, 9512, mula sa internet. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Walang tigil na pagtapon ng basura sa ilog, kanal, karagatan.

2. Sinunog ng isang magsasaka ang mga puno sa gilid ng burol upang magkaroon ng lupang mapagtatamnam.

3. Pinapabayaan ng isang pastol na gumala sa daan at manira ng halaman ang kanyang alagang kambing.

4. Walang tigil na pagsunog sa mga plastic o guma.

5. Ang pagtatapon ng basurang *toxic chemical* sa karagatan.

Rubrik sa pagbibigay ng puntos sa bawat bilang ng Gawain 2

10 napakahusay	7 Mahusay	5 Hindi mahusay
Ang lahat ng sagot ay sumasang-ayon o nakabatay sa batas, nagbibigay at kapupulutan ng aral patungkol sa pangangalaga ng kalikasan.	May isang sagot na hindi sumasang-ayon o nakabatay sa batas, nagbibigay at kapupulutan ng aral patungkol sa pangangalaga ng kalikasan.	May mahigit na dalawang sagot na hindi sumasang-ayon o nakabatay sa batas, nagbibigay at kapupulutan ng aral patungkol sa pangangalaga ng kalikasan.

Gawain 3. Tulang Pangkalikasan

Panuto: Basahin at unawain ang tula na hango mula sa akda ni Avon Adarna at sagutan ang mga katanungan patungkol dito sa iyong sagutang papel o *notebook*.

Kalikasan – Saan Ka Patungo?

Tula ni Avon Adarna

<p>Nakita ng buwan itong pagkasira, Mundo't kalikasan ngayo'y giba-giba, Ang puno – putol na, nagbuwal at lanta, Ang tubig – marumi, lutang ang basura.</p> <p>Nalungkot ang buwan sa nasasaksihan, Lumuhang tahimik sa sulok ng damdam, At nakipagluhaan sa poong Maylalang, Pagkat ang tao rin ang may kasalanan.</p> <p>Ang hanging sariwa, bilasa na ngayon, Nasira ng usok na naglilimayon, Malaking pabrika ng goma at gulong, Sanhi na ginawa ng pagkakataon!</p> <p>Ang dagat at lawa na nilalanguyan Ng isda at pusit ay wala nang laman, Namatay sa lason saka naglutangan, Basurang maburak ang siyang dahilan</p>	<p>Ang lupang mataba na bukid-sabana, Saan ba napunta, nangaglayag na ba? Ah hindi... naroon... mga <i>mall</i> na pala, Ng ganid na tao sa yaman at pera.</p> <p>Mga sapa at ilog sa Kamaynilaan, Ginawa na ng tao na basurahan, At kung dumating ang bagyo at ulan, Hindi makakilos ang bahang punuan.</p> <p>Ang tao rin itong lubos na dahilan, Sa nasirang buti nitong kalikasan, At darating bukas ang ganti ng buwan, Uunat ang kamay ng Poong Lumalang.</p>
---	---

Sagutin mo:

1. Anong mensahe ang ibig ipahiwatig ng tula?

2. Sang-ayon ka ba sa pamagat ng tula? Pangatwiran.

3. Ayon sa may akda saan daw patungo ang kalikasan?

4. Ibigay ang mga paglabag sa kalikasan na naihayag sa tula.



Isaisip

Panuto: Magbigay ng isang maikling pagbubuod ng iyong natutunan tungkol sa araling ito na isyung pangkalikasan. Ipaliwanag mo kung bakit mahalaga na malaman ng ibang tao ang ideyang iyong sinulat. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel o *notebook*.



Isagawa

Panuto: Basahin at suriin ang bawat pahayag. Lagyan ng tsek (/) ang angkop na kolum para sa iyo. Maaaring kopyahin at ilipat ang talahanayan na ito gayundin ang mga sumusunod na katanungan sa iyong sagutang papel o *notebook* bago sagutan.

	Ako ito	Hindi ako ito	Di ko tiyak ang aking sarili
1. Nababahala ako sa patuloy na pagkasira ng daigdig at kalikasan.			
2. Sumasali ako sa mga organisasyon na nagkakampanya para sa proteksyon ng kapaligiran.			
3. Hindi importante ang pagpapahalaga sa kalikasan.			
4. Nakapagtanim na ako ng kahit isang puno lamang.			
5. Inirereport ko agad sa kinauukulan kapag may sirang tubo ng tubig.			
6. Sinusuportahan ko na dapat maipatupad ang “total log ban”.			
7. May malasakit ako para sa daigdig at kalikasan subalit wala akong magawa.			
8. Naniniwala ako na ang tao ay may moral na pananagutan sa daigdig na kanyang tinitirahan.			
9. Hindi ko iniintindi ang malakas na konsumo sa kuryente hangga’t may pambayad.			
10. Hindi ako naglalakad kahit malapit lamang ang aking pupuntahan upang madali akong makarating.			

Batay sa iyong mga sagot, naniniwala ka bang maaari kang makatulong sa pangangalaga sa ating kapaligiran? Ipaliwanag.

Sa kabuuan, anong natuklasan mo sa inyong sarili hinggil sa pangangalaga sa ating kapaligiran? Sa papaanong paraan ka magiging bahagi ng mga tumutugon at nangangalaga sa kalikasan? Magbigay ng aktual na halimbawa na iyong gagawin at ipaliwanag kung saang sitwasyon mo ito magagamit o magagawa

A large, empty rounded rectangular box with a thin black border, intended for the student to write their response to the questions above.



Tayahin

Panuto: 1-5. Basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **TAMA** kapag wasto ang diwa ng pangungusap at isulat ang **MALI** kapag hindi wasto ang diwa nito. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel o *notebook*.

- _____ 1. Tayo ay binubuhay ng kalikasan.
- _____ 2. Ang kalikasan ay tumutukoy sa lahat ng nakapaligid sa atin na may buhay lamang.
- _____ 3. Ipinagkaloob ng Diyos sa tao ang kapangyarihan na pangalagaan ang kalikasan na kaniyang nilikha.
- _____ 4. Hindi tungkulin ng mga tao na pagyabungin ang nasa kalikasan.
- _____ 5. Maraming mga pagmamaltrato at paglabag ang ginagawa ng tao na tuwirang taliwas sa pangangalaga sa kalikasan.

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag na nagpapakita ng mga pangyayari sa ating paligid. Itugma ang mga nilalarawan sa hanay **A** sa hanay **B**. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot mula sa hanay B sa iyong sagutang papel o *notebook*.

	Hanay A	Hanay B
1. _____	1. Unti-unting nauubos ang mga yaman dito dahil sa hindi matigil na <i>cyanide fishing</i> , <i>dynamite fishing</i> , at sistemang <i>muro-ami</i> na pumipinsala hindi lamang sa mga isda kundi maging sa kanilang <i>natural habitat</i> o tirahan.	A. Maling pagtatapon ng basura B. Ilegal na pagputol ng mga puno C. Polusyon sa hangin, tubig at lupa D. Pagkaubos ng mga natatanging <i>species</i> ng hayop at halaman sa kagubatan
2. _____	2. Maraming uri ng hayop at halaman ang nagiging <i>threatened</i> , <i>endangered</i> at ang pinakamalala sa lahat ay ang kanilang <i>extinction</i> .	
3. _____	3. Patuloy na pag-unlad ng mga bayan na maisasalarawan ng pagtatayo ng mga gusali tulad ng mga <i>mall</i> at <i>condominium units</i> .	
4. _____	4. Ang kadalasang pag-ulan na nagdudulot ng mga pagbaha ay bunga ng walang tigil na pagputol ng mga puno at hindi pagpapalit	E. Malabis at mapanirang pangingsda

<p>5. _____</p> <p>6. _____</p> <p>7. _____</p> <p>8. _____</p> <p>9. _____</p> <p>10. _____</p>	<p>ng bagong halaman sa mga naputol na puno.</p> <p>5. Ang malawakang pag-iiba-iba ng mga salik na nakaaapekto sa panahon na nagdudulot nang matinding pagbabago sa pangmatagalang sistema ng klima.</p> <p>6. Walang habas ang ginawang pagtatapon ng basura kung saan-saang lugar na lamang</p> <p>7. Tumutukoy ito sa pag-uugali ng tao at mga kilos na nagpapakita nang labis na pagpapahalaga na kumita ng pera o kaya ay pagmamahal sa mga materyal na bagay sa halip na ibang mga pagpapahalaga.</p> <p>8. Ang patuloy na pagtaas ng temperatura bunga ng pagdami ng tinatawag na green house gases lalo na ng carbon dioxide sa ating atmospera.</p> <p>9. Karaniwang nagdudulot ng mga karamdaman tulad ng <i>respiratory diseases</i>, sakit sa <i>digestive tract</i>, sakit sa balat, at marami pang iba.</p> <p>10. Maling sistema na patagong ginagawa ng mga kompanyang tulad ng pagpapasabog ng mga bundok at paghuhukay sa mga dalampasigan upang makakuha ng mga yamang mineral.</p>	<p>F. Ang pag-convert ng mga lupang sakahan, ilegal na pagmimina, at <i>quarrying</i></p> <p>G. <i>Global Warming</i></p> <p>H. Komersiyalismo</p> <p>I. Urbanisasyon</p> <p>J. <i>Climate Change</i></p>
--	--	---



Karagdagang Gawain

Panuto: Ang mga sumusunod ay mga kasabihan hinggil sa kalikasan. Pumili ng isa at gawan ito ng poster, tula o awitin. Gawin ito sa isang buong *long bond paper* at idagdag sa iyong *portfolio*. Gabayan ka ng mga sumusunod na kriterya:

Rubrik ng puntos para sa gagawing poster

Pamantayan	Napakahusay	Mahusay	Katamtaman ang husay
	5	4	3
Kabuuan at kawastuhan ng Mensahe	Wasto at kompleto ang detalye ng mensahe o paliwanag ng nagawang poster	Hindi kompleto o may mali sa paliwanag o detalye ng mensahe ng nagawang poster	Mali sa kabuuan ang detalye o paliwanag ng mensahe ng nagawang poster
Pagkamasining ng pagkagawa	5	4	3
	Masining na masining ang pagkagawa sa kabuuan, tama at napaganda ang kombinasyon ng mga kulay na nagamit	Masining ang pagkagawa sa kabuuan, katamtaman ang ganda at ang kombinasyon ng mga kulay na nagamit	Ordinaryo at hindi maganda ang pagkagawa, hindi gaano maganda ang kombinasyon ng kulay na nagamit
Pagkamalinis ng pagkagawa	5	4	3
	Malinis na malinis ang pagkagawa ng poster, may margins at walang naglalampasan na kulay	Medjo malinis ang pagkagawa ng poster, walang margins at may naglalampasan na kulay	Marumi ang pagkagawa ng poster, walang margins at maraming bura at naglalampasan na kulay

Mga kasabihan hinggil sa kalikasan:

- “Ang pag-ibig ay parang kalikasan: Ito ay nawawala kapag binabaliwala.”
- “Ang kalikasan ay nauubos rin. Hindi ito isang kasangkapan na maaari nating gamitin ayon sa ating kagustuhan.”
- “Ang kalikasan parang taong mahal mo yan, kapag alam mong importante sa iyo, ingatan. Huwag kang maging komportable dahil hindi lahat ng nahahawakan at nakikita mo ay permanente.”
- “Ang puno ay parang piso. Malalaman mo lang ang halaga kapag nauubos na.”
- “Napakaganda ng ating kapaligiran, dahil ito’y biyaya sa atin ng ating mahal na Maykapal.”
- “Ang kalikasan ay dapat ingatan at pangalagaan hindi pabayaan.”
- “Pangangalaga sa kalikasan, Pagpapakita ng kabayanihan.”



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. D
2. I
3. J
4. A
5. E
6. B
7. H
8. F
9. C
10. G
11. TAMA
12. MALI
13. TAMA
14. TAMA
15. MALI

Tayahin

1. TAMA
2. MALI
3. TAMA
4. MALI
5. TAMA
1. E
2. D
3. I
4. B
5. J
6. A
7. H
8. G
9. C
10. F

Sanggunian

Aklat:

Departamento ng Edukasyon. *Edukasyon sa Pagpapakatao 10*. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat. First Edition.2012.

Diaz, Jade M, Dolores S.Quiambao, and Veronica E. Ramirez, Ph. D. *Good Character Matters*. Quezon City: Vibal Group Inc. 2016.

Esteban, Salud R, Talna M. Bongolan, Milagros T.Fernandez, Proserfina A.Jacela, et al. *Binagong Talaarawang Patnubay 1V*. CSC Publishing House. 2000.

Philippine Bible Society. *Ang Bagong Tipan ng Magandang Balita Biblia*.Manila: Philippine Bible Society.1996.

Punsalan, Twila G, Camila C. Gonzales, Sylvia T. Caberio, Myra Villa D. Nicolas, et al. *Maylalang: Handugan ng Kabutihan*. Quezon City: Rex Printing Company Inc. 1994.

Mga Material sa Online

Betty Fansworth, <https://www.pinterest.ph/grandmabetty53/stationaryborders-for-any-age>, **accessed February 27.2021**

Cambridge Academic Dictionary. (n.d.) *Commercialism*. US: Cambridge University Press. <http://dictionary.cambridge.org/us/amp/english/commercialism>

Genius Media Group Inc. 2021, Asin: **Masdan mo ang Kapaligiran**, <https://genius.com/Asin-masdan-mo-ang-kapaligiran-lyrics>, hinalaw noon Enero 21, 2021

Mungfali.com, Free Printable Stationery, Stationary Paper, Letter Paper, accessed February 27, 2021

Tolentino, L. (2001, February 18). Muro-ami pinabubuwag ni GMA. *Philippine Star* (online). www.philstar.com/probinsiya/2001/02/18/124130/muro-ami-pinabubuwag-ni-gma

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph